

Paano magbukas bank account



May dayuhang pumunta sa FICEC at humingi ng pagpapayo, “5 buwan na ako sa Japan at gusto kong magkaroon ng cash card.”
Narito kung paano ang pagbubukas ng bank account sa bangko na malapit sa ating distrito. Maari ding magkaroon ng bank account sa pamamagitan ng online registration.

Mga dapat malaman at mga kakailangin sa pagbukas ng bank account

Kung kayo ay bumibisita lamang sa Japan (o may bisa hanggang 90 araw) ay hindi kayo makakapagbukas ng bank account. Kung may long term visa (mahigit na 90 araw), ay hindi din makakapagbukas ng bank account kung ang pananatili dito sa Japan ay wala pang 6 na buwan. Kung nakatira dito ng 6 na buwan o mas matagal at may resident card ay maari kayong makapagbukas ng bank account at maari ding makapagpadala ng pera o remittance. Kung naninirahan dito ng wala pang 6 buwan, ang inyong bank account ay hindi makapagpadala ng pera sa ibang bansa. Maari lamang kayong tumanggap ng sahod sa inyong bank account at maari ding makatanggap ng remittance galing sa ibang bansa.

Ang cash card ay matatanggap pagkalipas ng 2 linggo. (Maaring mas matagal sa ibang bangko.)

■ Proseso ng pagbukas ng bank account

- Magtungo ng personal sa bangko na kung saan nais magbukas ng bank account.
- Punan ang aplikasyon para sa pagbukas ng bank account (Isulat sa katakana)
- Depende sa bangko maaring magtagal ng 1 o 2 linggo bago ma-proseso ang inyong bank account. Subalit maari ding makuha ninyo kaagad ang bank book kung mag-aapply mismo ng personal sa window ng bangko

■ Mga requirements na kailangang dalhin

- ◆ Passport ◆ Resident card ◆ Sertipikasyon na nagsasaad kung hanggang kailan balido ang inyong visa
- ◆ Address dito sa Japan (Kung saan maaring ipadala ang sulat at notisya) ◆ Telephone number (puwede din ang cellphone number) ◆ Driver’s license sa Japan ◆ My number ◆ Signature stamp o inkan (sa ibang kaso ay pinapayagan ang pag-pirma para sa mga dayuhan)
- ◆ Depende sa bangko, maaring hingan kayo ng kopya ng resibo kagaya ng water bills o electric bills, kopya ng resident card at medical insurance card.

Mga banko sa Fujimi-shi, Fujimino-shi at Miyoshi-machi

Kung magbubukas kayo ng bank account sa isang branch na malayo sa inyong tirahan, maaring hinggan kayo ng pagpaliwanag at maari ding hindi maaprubahan ang inyong aplikasyon. Mas madali kung magbubukas ng bank account sa bangko na malapit sa inyong tirahan.

Fujimi-shi	Japan Post Bank (8 branches), Saitama Resona Bank (2 branches), Musashino Bank (2 branches), Mizuho Bank (2 branches), Sumitomo Mitsui Banking Corporation (1 branch), Towa Bank (1 branch)
Fujimino-shi	Japan Post Bank (10 branches), Saitama Resona Bank (2 branches), Musashino Bank (1 branches), Mizuho Bank (1 branches), Sumitomo Mitsui Banking Corporation (1 branch), Towa Bank (1 branch)
Miyoshi-machi	Japan Post Bank (3 branches)

*Bukod sa mga branches ay maraming mga nakatalagang ATM sa bawat lungsod.

Madaling gawin at masarap na lutong bahay ~ Japanese food ~

9/17

Interesado ba kayo sa kulturang Hapon at mga pagkain at lutuing Hapon? Sa mga nag-aaral ng Nihongo halina at matuto tayo ng pagluto ng pagkaing Hapon o “wa shoku”. Matutunan din natin ang iba pang tungkol sa lutong Hapon, mga table manners at mga kaugaliang Hapon.

- ◆Kailan : **September 17** (Martes) 10:30~13:00
- ◆Saan: Cooking room, Kamifukuoka-nishi Kouminkan
- ◆Menu:
 - **Makizushi**
 - **Japanese omelette**
 - **Miso soup (pag-gawa ng soup stock)**
 - **Sesame pudding**
- ◆Bayad: 700 yen
- ◆Bilang ng tao: 20 katao
- ◆Tumawag o magsadya sa :Fujimino International Cultural Exchange Center (FICEC) Tel. 049-256-4290



Fujimi-shi International Forum



Isang malaking pagtitipon kung saan ang iba't ibang kultura at mga banyaga ay makakasalamuha. Maraming kasiyahan para sa mga bata at matanda. Libre ang pagdalo at magbibigay din ng snacks.

May programa ding ihahanda ang FICEC sa natatanging selebrasyong ito [• Salitan ng kuru-kuro ng mga dayuhan at hapon • Filipinong sayaw • Paggawa ng bookmarks na may nakasulat sa iba't ibang wika • Pag-suot ng mga katutubong kasuotan • Pagpalo sa taiko drum]

- Kailan:**September 28** (Sabado) 12:00~15:30
- Saan: Kirari☆Fujimi (mula Tsuruse station,east exit sumakay ng bus o malalakad ng 20 min. Sa harap ng Lalaport shopping center)

Maari nang i-download ang app sa tamang paghiwalay at pagtapon ng basura sa Fujimino- shi (nakasalin sa ibang wika) sa inyong Smartphones

Ilagay ang inyong area para malaman ang iskedyul ng paghakot ng basura. Maari ding malaman ang klase ng basura ayon sa alert system. Mababasa **ang taunang iskedyul ng tamang paghiwalay at pagtapon ng iba-ibang basura** na nakasalin sa iba' ibang wika. **[Mga wika]** English, Chinese, Korean, Vietnamese, Nepali **[i-download ang app]**

Disposal Methods	
	Recyclable Resources
	Recyclable Resources(Cans)
	Recyclable Resources(Bottles)
	Recyclable Resources(PET bottle)
	Recyclable Resources(Newspaper)
	Recyclable Resources(Magazines, Miscellaneous Paper)
	Recyclable Resources(Corrugated cardboard)



↑Android



↑iOS

Sundin natin ang patakaran sa tamang paghiwalay at pagtapon ng basura para mapanatili ang magandang pagsasamahan ng magkakapitbahay.



Pagpagawa ng “My number card”

Ang “My number card” ay naglalaman ng inyong “my number” at ng inyong ID photo.



Ito ay magagamit bilang

ID card at gayundin para sa electronic applications ng mga proseso ng mga gawaing pang administrasyon. Para magkaroon ng my number card, lagdaan ang aplikasyon para dito at isumite sa nakalaang window sa munisipyo o sa iba pang public offices. Magdala din ng iba pang ID cards na magpapatunay ng pagkakakilanang. Maari ding mag-apply sa pamamagitan ng smartphone o PC. <https://www.cao.go.jp/bangouseido/foreigners/index.html>

*Sa Fujimi-shi city hall, maari namin kayong matulungan sa pagkuha. Tel : 049-252-7110

Nais ba ninyong maging tagasalin sa inyong katutubong wika? Nangangailangan ng mga boluntaryong staff na tagasalin sa FICEC.